# Gabay sa Puso

Lahat ng tao ay may kabiyak sa puso at naghahanap sa THE ONE na magbibigay ng buong pagmamahalan na magdadala ng kaligayahang walang hanggan. Oo, totoo nga ang one true love at mayroong siyensiya na nasa likuran nito. Dito natin ito tatalakayin.

Ang ating puso ay may tatlong aspeto. Hindi ito literal sa material na paraan sa katawan ng tao. Ito ay mga enerhiya ng ating puso sa spiritual na paraan.

- Kulay - kung ano talaga ang color ng enerhiya sa puso
- Hugis - ano ang porma ng mismong puso
- Numero - may number na naka-assign para sa puso

Habang mas nagtutugma ang dalawang puso, ito ay nangangahulugan ng mas swabeng relasyon at nagkakasunduan ang dalawang tao sa relasyong ito. Pwedeng may tugma ang dalawang tao sa isang aspeto at dahil dito ay may kahit papaanong pagkakasunduan sila.

Pwedeng malapit lang ang mga aspeto kahit hindi perfect match pero syempre mas magkakasunduan ang perfect match talaga. Halimbawa, yellow pareho kulay niyo, hugis triangle din pero sa numero siya 7 ikaw 18. Medyo malapit pero hindi perfect. Ang perfect match talaga ay parheo kayong yellow, triangle at 18.

Mayroon lang isang **perfect** match ang tao. Hindi yan madami. Mayroon naman tayong maraming *medyo* match. Maaaring makasama natin ang ilang mga medyo match sa atin bago tayo makahanap ng para talaga sa atin na perfect match.

Gayunpaman, ang match na ito ay para sa spirito. Hindi ito sa nakikita natin gamit ang ating mga mata. Kung halimbawa nakasama o nakasal ka sa isang tao na hindi mo perfect match pero gusto mong maging mas maayos ang relasyon niyo, pwede natin gawan ng paraan yan para maging perfect match kayo. Ang paraang ito ay ang paggawa ng Ritual sa Pag-ibig para maging maayos ang spiritual match niyo. Hindi mo papalitan ang tao kung kaya hindi mo siya kailangan hiwalayan o iwanan. Ang gagawin natin ay papalitan natin ang spiritong nakapasok sa loob ng katawan. Ang ipapalit natin ang spiritong mas tugma sa yo or ang perfect match mo na kabiyak.

Kung magawa natin ito, mas magiging magaan at walang hadlang ang relasyon niyo kasi nga nagkakatugma na ang puso niyo.